| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | III |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 10-14, 2022 (WEEK 8) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I OBJECTIVES** | | | | | |
| *A. Content Standard* | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pagunawa sa napakinggan | | | | |
| *B. Performance Standard* | | | | | |
| *C. Learning Competency /s:* | Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata. | Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata. | Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan (ito/iyan/iyon/nito/niyan/ noon/niyon) | Nagagamit ang panghalip bilang pamalit sa pangngalan (ito/iyan/iyon/nito/niyan/ noon/niyon) | Lingguhang Pagtataya |
| **II CONTENT** | Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas<br><br>Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata. | Paggamit ng Malaki at Maliit na Letra at mga Bantas<br><br>Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata. | Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan Iyon, Nito, Niyan, Niyon<br><br>Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan<br>- ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3.1;<br>- ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3.1). | Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan Iyon, Nito, Niyan, Niyon<br><br>Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan<br>- ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3.1;<br>- ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3.1). | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | | |
| ***A. References*** | | | | | |
| *1. Teacher's Guide Pages* | | | | | |
| *2. Learner's Materials pages* | | | | | |
| *3. Text book pages* | | | | | |
| *4. Additional Materials from Learning Resources* | Tsart, larawan,laptop, LED TV | | | | |

Sa Panahon ng Pandemya
ni: Aisa Ali

Tumigil ang pag-ikot ng mundo ng mga tao sa pagdating ng pandemyang Coronavirus Disease (COVID-19). Isa na rito si Mang Kardo na isang **Overseas Filipino Worker** (OFW). Masaya siyang umuwi sa Pilipinas upang makapiling ang kaniyang pamilya.

Pagdating sa bansa ay matapat niyang sinagot ang **Health Declaration Card** ng **Bureau of Quarantine** (BOQ). Sinuri siya gamit ang **thermal scanner** at nakitang may lagnat siya. Dinala siya sa isang ospital upang i-**quarantine** at upang mamonitor ang kaniyang kalagayan.

Hindi na muna siya pinauwi sa kanilang bahay. Pagkalipas ng tatlong linggo ay nakauwi na rin si Mang Kardo. Masaya siya nang makita ang kaniyang pamilya.

"Salamat po sa Panginoon, hindi ako nahawaan ng sakit". Mangiyak-ngiyak na sabi ni Mang Kardo.

I. Sagutin ang mga tanong tungkol sa teksto.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
_______________
2. Sino ang pangunahing tauhan?
_______________
3. Ano ang pandemyang kumakalat sa kuwento?

II. Basahin mo ang mga pangungusap. Bilugan ang salitang hiram.

1. Bumili ng toothpaste si Jana sa tindahan.
2. Nagluto ng spaghetti si Ate Donna.
3. Ako ay naglalakad sa Flores Street.
4. Masayang naglalaro ang mga bata ng video game.
5. May libreng gupit ang Carl's Barbeshop.

III. Pagtambalin mo ang mga salitang may salungguhit sa Hanay A sa dinaglat na mga salita na nasa Hanay B. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. Ginang Tan | ______ | Mt. |
| 2. Binibining Cruz | ______ | G. |
| 3. Ginoong Paul | ______ | Bb. |
| 4. Mount Mayon | ______ | St. |
| 5. Roxas Street | ______ | Gng. |

**Suriin**

I. Pag-aralan pa nang mabuti ang gamit ng malaki at maliit na letra na natutuhan sa aralin.

| Gamit ng Maliit na Letra | Gamit ng Malaking Letra: |
|---|---|
| hindi tiyak na ngalan ng:<br>• araw, hayop, lugar, tao, pangyayari, bagay, buwan, aklat, kuwento/awitin/tula | tiyak na ngalan ng:<br>• araw, hayop, lugar, tao, pangyayari, bagay (**brand name** o tatak), buwan, pamagat ng aklat, pamagat ng kuwento/awitin/tula |

| Maliit na Letra sa Hindi Tiyak na Ngalan | Malaking Letra sa Tiyak na Ngalan |
|---|---|
| araw | Sabado |
| bansa | Pilipinas |
| bayani | Jose Rizal |
| pangulo | Pang. Rodrigo R. Duterte |
| pandemya | Coronavirus Disease 2019 |
| buwan | Enero |
| aso | German's Shepherd |
| bolpen | Panda |
| aklat | Mga Pambansang Produkto |
| kuwento | Sa Panahon ng Pandemya |

Ang ____________________ ay nagmumula sa wika ng ibang bansa na ginagamit natin sa pakikipag-usap tulad ng engineer, street, at school.

Sa pagdadaglat ng salita, ito ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa tuldok tulad ng Engr. Alvin Cruz, Rizal St., at Mangga Elem. Sch.

**ISAGAWA**

I. Iwasto ang pagkakasulat ng mga salita gamit ang malaki o maliit na letra. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.
1. Watawat
2. luzon
3. filipino
4. Palengke
5. melchora aquino

II. Isulat sa papel o kuwaderno ang mga salitang hiram.

Ink  ulam  jeep  dahon  East Avenue
internet  kahon  bulaklak  toothpaste

III. Tukuyin ang tamang daglat ng salita. Piliin sa loob ng kahon ang sagot.

| St. | Sen. | Hen. | Pang. | Dr. |
|---|---|---|---|---|


1. Doktor De Veyra =______________
2. Pangulong Duterte =______________
3. Senador Go =______________
4. Heneral Dominggo =______________
5. Durian Street =______________

**TAYAHIN**

Sagutin mo ang sumusunod. Kopyahin sa papel ang letra ng tamang sagot.

1. Si ________ay mabait na guro. Paano isusulat ang ngalan ng tao?
a. Bb. Santos b. BB. Santos c. bb. Santos

3. Ang perang ito na hawak mo ay akin.
4. Paki abot mo nga iyang aklat sa tabi mo.
5. Nakasampay sa labas ang tuwalya. Kunin mo iyon dahil umuulan na.




**Tuklasin**


Basahin mo ang usapan ng magkakaibigan habang sila ay nasa loob ng mall.

Mercy: Halika Jeneth at Ruthel, aakyat tayo sa ikalawang palapag dahil bibili ako ng damit.
Jeneth: Para saan ba ang damit na bago? Ano ba ang meron?
Ruthel: Oo nga Mercy, ano ba ang okasyon?
Mercy: Kaarawan ng mama ko bukas. Balak kong regaluhan siya ng damit.


Habang sila ay nasa RTW seksyon...

Ruthel: Ito, Mercy baka gusto mo para sa mama mo?
Jeneth: Hindi iyan bagay sa mama mo Mercy, kasi mukhang maiksi. Mas bagay iyon na suot ng mannequin na nasa dulo.
Mercy: Oo nga, mas gusto ko iyon, tara puntahan natin.
At saka sinabing,
Mercy: Ito ang bibilhin ko, bagay na bagay kay Mama.
At umuwi ang magkaibigan na bitbit ang bagong damit para sa mama ni Mercy.


Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa papel.
1. Sino ang magkakaibigan?
a. Mercy, Ruthel at Jeneth
b. Mercy, Rachel at Jeneth
c. Mercy, Ruthel at Janeth
2. Bakit sila nasa mall?
a. Bibili ng damit para sa mama ni Mercy.
b. Bibili ng damit para sa mama ni Ruthel.



1. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.




2. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.



3. Ang ganda ng damit. _______ ang bibilhin ko.



4. Ang ganda ng bulaklak. _______ ang bibilhin ko.



5. Ang ganda ng bulaklak. _______ ang bibilhin ko.

**Isagawa**

Basahin ang mga pahayag na nasa ibaba. Gawin ang isinasaad ng mga ito sa patlang.

1. Kung hawak-hawak mo ngayon ang isang bagay na paborito mo, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na ito?
_______________________________
2. Kung nasa tabi mo lang ang pinakapaborito mong prutas, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?
_______________________________
3. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong hayop, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?
_______________________________
4. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong laruan, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?
_______________________________
5. Kung katabi mo lang ang pinakapaborito mong bagay, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?
_______________________________

**TAYAHIN**

<table>
<tr>
<td></td>
<td>A. <u>Salitang hiram</u> ang tawag sa mga salitang nagmumula sa ibang bansa o salitang banyaga gaya ng Ingles na ginagamit natin tulad ng helmet, cellphone, dice, resort, at internet.<br><br>B. <u>Salitang dinaglat</u> ang tawag sa mga salitang pinaikli. Ito ay nagsisimula sa malaking letra kapag idinudugtong sa tiyak na ngalan at nagtatapos sa tuldok. Ito ay maaaring hiram na salita o salitang Filipino.<br><br>
<table>
<tr><th>Mga Salitang Hiram</th><th>Dinaglat na Salita</th><th>Halimbawa</th></tr>
<tr><td>mount</td><td>Mt.</td><td>Mt. Taal</td></tr>
<tr><td>street</td><td>St.</td><td>Rizal St.</td></tr>
<tr><td>engineer</td><td>Engr.</td><td>Engr. Rona Cruz</td></tr>
<tr><td>Mga Salitang Filipino</td><td>Dinaglat na Salita</td><td>Halimbawa</td></tr>
<tr><td>konsehal</td><td>Kon.</td><td>Kon. Helen Tan</td></tr>
<tr><td>binibini</td><td>Bb.</td><td>Bb. Liza Santos</td></tr>
<tr><td>ginoo</td><td>G.</td><td>G. Andy Lim</td></tr>
</table>
</td>
<td>2. Nakatira si Ben sa ________. Alin ang tamang pagkasulat sa ngalan ng lugar?<br>a. Davao City b. Davao city c. DAVAO city<br>3. Ano ang tamang daglat ng salitang Mount Pinatubo?<br>a. mt. Pinatubo b. Mt. Pinatubo c. mt. PinatubO<br>4. Kung ang buong pangalan ng doktor ay Dr. Dino C. Cruz, paano naman isusulat ang buong pangalan ng abogado?<br>a. Atty. Vic C. cruz b. atty. Vic C. cruz c. Atty. Vic C. Cruz<br>5. Basahin ang pangungusap at hanapin ang mali ang pagkasulat. martes ang ikalawang araw ng linggo. a. ang b. araw c. martes</td>
<td>c. Bibili ng damit para sa mama ni Jeneth.<br>3. Bakit sumama sila Jeneth at Ruthel kay Mercy sa mall?<br>a. Dahil gusto nilang pumunta sa mall<br>b. Dahil gusto nilang sila ang pipili ng damit para sa mama niya<br>c. Dahil kaibigan nila si Mercy at gusto nila itong samahan<br>4. Anong salita ang ginamit ni Jeneth nang ituro ang damit na nasa malayo.<br>a. Ito b.Iyan c. Iyon<br>5. Kung ikaw si Mercy, isasama mo rin ba ang iyong kaibigan kung bibili ka ng regalo?<br>a. Hindi po, dahil ayaw ko ng may kasama.<br>b. Hindi po, dahil kaya ko naman pumili ng regalo.<br>c. Opo, dahil hindi ko alam ang bumili ng damit.<br>d. Opo, dahil mas marami ang pipili, mas maganda ang magiging regalo.</td>
<td>Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Paano kaya ilalarawan ng mga bata ang mga bagay na binanggit sa bawat pahayag? Bilugan ang letra ng tamang sagot.<br>1. Hawak- hawak ni Ben ang robot. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?<br>a. Ito ang paborito kong laruan.<br>b. Iyan ang paborito kong laruan.<br>c. Iyon ang paborito kong laruan.<br>2. Nasa tabi ni Len ang isang bayabas. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?<br>a. Ito ang pinakamasarap na prutas.<br>b. Iyan ang pinakamasarap na prutas.<br>c. Iyon ang pinakamasarap na prutas.<br>3. Malayo ang kinatitirikan ng puno ng niyog sa magkaibigang Danny at Ted. Paano babanggitin ni Danny ang puno ng niyog kay Ted?<br>a. Ito ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>b. Iyon ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>c. Iyan ang pinakamataas na puno rito sa atin.<br>4. Hawak-hawak ni Erick ang binili niyang relo. Paano niya ito babanggitin sa kausap niyang si Joel?<br>a. Ito ang regalo ko para sa iyo.<br>b. Iyon ang regalo ko para sa iyo.<br>c. Iyan ang regalo ko para sa iyo.<br>5. Itinuturo ni Fatima ang ibong agila na malayo sa kaniya. Paano niya ito babanggitin kay Zenny?<br>a. Iyon ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.<br>b. Ito ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.<br>c. Iyan ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| ***V. REMARKS*** | | | | | |
| ***VI. REFLECTION*** | | | | | |
| *A. No. of learners who earned 80% on the formative assessment* | | | | | |
| *B. No. of Learners who require additional activities for remediation* | | | | | |
| *C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson.* | | | | | |
| *D. No. of learners who continue to require remediation* | | | | | |
| *E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?* | | | | | |
| *F. What difficulties did I encounter which my principal or* | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *supervisor can help me solve?* | | | | | |
| *G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?* | | | | | |